

Mga Hakbang na Dapat Gawin sa Pagkakataon na Mayroong Ballistic Missile Attack (Cabinet Secretariat – Kalihim ng Gabinete)

Kayang marating ng isang ballistic missile ang target nito sa napakaikling panahon lamang. Kung sakaling tatama o babagsak sa bansang Hapon ang missile, isang espesyal na mensahe ang ipapatugtog kasabay ng mga sirena sa pamamagitan ng 'J-Alert'. Magpapadala rin ng emergency information sa pamamagitan ng emergency emailing system. (Ito ay isang serbisyo mula sa mga cellular phone carriers. Sa serbisyonang ito, makakatanggap kayo ng emergency report tungkol sa lindol, mga babala ukol sa tsunami, at impormasyon ukol sa sakuna o paglikas maging sa mga oras na lubhang abala ang mga linya ng telepono. Kapag nakatanggap ang inyong cellular phone ng ganitong email, magpapatugtog ito ng espesyal na ringtone. Hindi kailangang magparegistro para magamit ang serbisyonang ito.) Sa napapanahong pamamaraan, magbibigay rin ng kinakailangang impormasyon ang gobyerno sa pamamagitan ng dyaryo, broadcast network, internet, at iba pa. Maaari po lamang na tumutok sa TV, radyo, at iba pa upang makuha ang impormasyon.

① Lumikas kaagad

① Mangalap agad ng wastong impormasyon

*** Sundin ang tagubilin ng gobyerno at kumilos ng mahinahon**

Cabinet Secretariat

Civil Protection Portal Site

http://www.kokuminhogo.go.jp/en/pc-index_e.html (English)

(halimbawa) Lumikas kaagad. Lumikas kaagad. Sumilong. Pumasok sa loob ng isang gusali. Maaaring bumagsak ang isang parte ng missile sa lupa. Sumilong.

Kapag tumugtog ang mensahe, kumilos kaagad sa mahinahong paraan.

Kung nasa labas kayo, pumasok sa isang matibay na gusali o pumunta sa underground floor tulad ng underground shopping mall at iba pa.

Kung sakaling walang malapit na gusali, magtago sa likod ng isang bagay o dumapa sa sahig at ingatan ang inyong ulo.

Kung kayo ay nasa loob, lumayo mula sa bintana o pumunta sa silid na walang bintana.

Kung bumagsak ang isang missile sa lupa malapit sa inyo;

● kung kayo ay nasa labas, takpan ang inyong bibig at ilong ng panyo, lumayo kaagad sa pinagbagsakang/tinamaang lugar at pumasok sa isang silid na hindi mapapasukan ng hangin o kumilos patungo sa parehong direksyon ng hangin.

● kung kayo ay nasa loob, patayin ang electric fan, isara ang mga bintana at takpan ng mabuti ang mga puwang sa gitna ng bintana at pader upang hindi makapasok ang hangin sa loob ng silid.